



PAGGAMIT NG MGA SERBISYO NG TAGASALIN SA 9-1-1

Tawagan ang 9-1-1 kapag:

- kailan ninyo ang Pulis, Bombero o mayroon kayong Emergency na Medikal
- para isumbong ang isang krimen na nang-yayari o katatapos mangyari.
- may situwasyong maaaring maging ma-panganib, o mapanganib sa buhay o ari-arian o sa dalawang ito.
- may nakapaghihinalang gawain na may kinalaman sa (mga) tao o sasakyan na mukhang may balak na krimen.

Ang 9-1-1 ay may mga tagasalin na tutulong sa inyo kung hindi kayo masyadong marunong magsalita ng Ingles o hindi kayo nagsasalita ng Ingles.

1. Kapag tumawag kayo, sabihin muna ninyo sa INGLES ang kailangan ninyong serbisyo at ang wikang sinasalita ninyo.



"I need POLICE. I speak TAGALOG."

"Kailangan ko ang Pulisya. Tagalog ang aking sinasalita."



"I need the FIRE DEPARTMENT.

I speak TAGALOG."

"Kailangan ko ang Bombero. Tagalog ang aking sinasalita."



"I need MEDICAL help.

I speak TAGALOG."

"Kailangan ko ang tulong Medikal. Tagalog ang aking sinasalita."

2. Ikokonekta kayo ng 9-1-1 operator sa isang tagasalin, at maaaring abutin ito ng mga ilang sandali. Huwag ninyong ibababa ang telepono habang ginagawa ito.

3. Kapag nasa telepono na ang tagasalin, sagutin ang mga tinatanong sa inyo. Sa madaling salita ay sabihin sa kanila nang eksakto kung anong nangyari.



**PAGGAMIT NG MGA SERBISYO
NG TAGASALIN SA 9-1-1**

4. Magdedesisyon ang 911 operator kung ano ang pinakamabuting paraan para tulungan kayo batay sa impormasyong binigay ninyo. Maging handang sabihin sa operator:

- ang lokasyong pinangyayarihan ng emergency. Isama ang numero ng gusali, numero ng apartment, pangalan ng kalye, at ano pa mang impormasyon tungkol sa direksiyon (halimbawa, northwest, south, atbp.)
- ang inyong pangalan, direksiyon at ang numero ng telepono kung saan kayo tumatawag.

5. Huwag ninyong ibaba ang telepono hanggang sabihin sa inyong ibaba ito. Manatiling nasa telepono hanggang sabihin sa inyo ng operator na puwede na ninyo itong ibaba.

Bibigyan kayo ng tagasalin sa inyong wika kung kailangan ninyo ng tagasalin para kausapin ang Pulis pagkadating nila.

Mangyaring bigyang pansin:

- Walang-bayad ang mga tawag sa 9-1-1 kapag mula sa mga payphone.
- sabihin sa operator kung ayaw ninyong isiwalat ang inyong pangalan o kung gusto ninyong manatiling kompidensiyal ang impormasyon.
- Kung hindi ninyo sinasadyang natawagan ang 9-1-1 **HUWAG NINYONG IBABABA ANG TELEPONO!** Manatili sa telepono at sabihin ninyo sa kanila na nagkamali kayo ng pagdayal.

Nilikha ng **Departamento ng Pulisya ng Seattle**, (2005) sa tulong ng **Seattle Neighborhood Group**.



www.seattle.gov/police

610 Fifth Avenue
P.O. Box 34986
Seattle, WA 98123-4986



Seattle Neighborhood Group
www.sngi.org

1806 East Yesler Way
Seattle, WA 98122-5748